# Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay nagpahuli ng pagdarasal ng Eishah sa malalim na gabi.Lumabas si `Umar,Sinabi niya: Ang pagdarasal o Sugo ni Allah,Tulog na ang mga kababaihan at mga bata.Lumabas siya at ang ulo niya ay pumapatak [ng tubig] Sinabi niyang: Kung hindi ko lamang mapapahirapan ang aking Nasyon-o sa mga tao-Ipinag-utos ko sa kanila ang pagdarasal na ito sa ganitong oras

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbas, malugod si Allah sa kanilang dalawa-Hadith na Marfu: ((Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- ay nagpahuli ng pagdarasal ng Eishah sa malalim na gabi.Lumabas si `Umar,Sinabi niya: Ang pagdarasal o Sugo ni Allah,Tulog na ang mga kababaihan at mga bata.Lumabas siya at ang ulo niya ay pumapatak [ng tubig] Sinabi niyang: Kung hindi ko lamang mapapahirapan ang aking Nasyon-o sa mga tao-Ipinag-utos ko sa kanila ang pagdarasal na ito sa ganitong oras))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nahuli ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa pagdarasal ng Eishah,hanggang sa naging malalim ang gabi,at nakatulog ang mga babae at mga bata,sa sinumang nawala sa kanila ang lakas at hindi makatiis sa tagal ng paghihintay.Dumating sa kanya si `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya-at nagsabi siya: Ang pagdarasal,Nakatulog ang mga babae at mga bata.Lumabas siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa bahay niya ,papunta sa Masjid,habang ang ulo niya ay pumapatak ng tubig mula sa pagligo,At nagsabi siya bilang pagpapahayag na ang pinakamainam sa Eishah ay ang pagpapahuli,Kung hindi lamang dahil sa paghihirap na mararamdaman ng naghihintay sa pagdarasal-: "Kung hindi ko lamang mapapahirapan ang aking Nasyon-o sa mga tao-Ipinag-utos ko sa kanila ang pagdarasal na ito sa ganitong oras"

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee